# BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN
Ika-20 ng Disyembre, 2023

## Mga Botanteng Nonpartisan – Ano ang Kailangan ninyong Malaman upang Bumoto para sa Presidente

Tinatawagan ang lahat ng mga rehistradong botanteng nonpartisan o walang partido! Kung gusto ninyong bumoto para sa presidente sa primaryang eleksyon sa ka-5 ng Marso, 2024, kailangan ninyong ipaalam sa Opisina ng Tagapagrehistro kung aling balota ng patidong crossover ang gusto ninyo bago sumapit ang Ika-5 ng Enero para makasama ito sa inisyal na pagpapakoreo ng mga balota na ipapadala sa linggo ng Ika-4 ng Pebrero.

Kung hindi, kayo ay awtomatikong makakatanggap ng isang balotang nonpartisan sa koreo, at **hindi** ito magpapakita ng contest o mga kandidato sa presidensyal na primarya.

Ang opisina ng Tagapagrehistro ay nagpadala sa halos 490,000 botante ng County na nakarehistro bilang nonpartisan ng pre-paid return na postcard na humihiling ng kanilang seleksyon ng balotang crossover para sa primaryang eleksyon sa Ika-5, Marso 2024.

Kung ang inyong postcard ay nasamang nawala sa mga holiday na koreo, nandito ang kailangan ninyong malaman.

**Mga Pampulitikang Partido na Pinapayagan ang mga Botanteng Nonpartisan o Walang Partido na Mag-crossover**

Sa taong ito, ang Partidong American Independent, Partidong Democratic, at Partidong Libertarian ay nagpapahintulot sa mga botanteng nonpartisan o walang partido na makibahagi sa kanilang mga presidensyal na primaryang eleksyon.

Ang mga botanteng nonpartisan o walang partido ay kailangang humiling ng isa sa mga balota ng tatlong partidong ito upang bumoto para sa kandidato ng presidensyal primarya para sa partidong iyon. Ang pagpili ng isa sa tatlong balota ng pampulitikang partidong ito ay **hindi** magrerehistro sa inyo sa partidong iyon. Mananatili kayong isang botanteng nonpartisan o walang partido.

Kung wala ang postcard, maaari pa rin ninyong kumpletuhin ang porma ng paghiling sa balota ng nonpartisan crossover na partido ng Tagapagrehistro sa sdvote.com o mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon Lunes hanggang Biyernes sa opisina ng Tagapagrehistro sa Kearny Mesa.

Tandaan din na ang Partidong Democratic ay nagpapahintulot sa mga botanteng nonpartisan o walang partido na bumoto sa presidensyal na kontest nito, ngunit hind sa kontest ng Central

Committee nito. Kung hihilingin, matatanggap ninyo ang nonpartisan na bersyon ng balotang Democratic.

**Mga Pampulitikang Partido na HINDI Pinapayagan ang mga Botanteng Nonpartisan na Mag-crossover**

Sa taong ito, isinara ng Partidong Green, Partidong Peace and Freedom, at Partidong Republican ang kanilang presidensyal na primarya sa mga botanteng nonpartisan o walang partido.

Ang mga botanteng nonpartisan o walang partido **ay hindi** makakapili ng isa sa mga balotang ito. Ang mga botanteng nonpartisan na gusto ng isa sa mga balota ng mga partidong ito ay kinakailangang magparehistro muli sa partidong iyon.

Maaari ninyong punan ang isang bagong porma ng rehistrasyon ng botante online sa sdvote.com.

Anuman ang inyong preperensiya sa partido, ang lahat ng mga rehistradong botante ay papayagang bumoto sa mga kontest ng nonpartisan at mga opisinang nominado ng botante, tulad ng mga opisina ng kongreso ng U.S. at mga opisina ng lehislaturang estado.

Ang dalawang nangungunang taga-kuha ng boto sa mga kontest ng nominado ng botante ay aabante sa Ika-5 ng Nobyembre sa pangkalahatang eleksyon.

**Hindi sigurado kung saang pampulitikang partido kayo nakarehistro o kung nakarehistro kayo para bumoto?**

Maaari ninyong suriin ang inyong rehistrasyon, magparehistro muli at magparehistro upang bumoto sa sdvote.com.

Hinihikayat kayo ng opisina ng Tagapagrehistro na gawin ito nang mabuti bago ang Ika-20 ng Pebrero upang maiwasan ang pagkaantala at mahabang pila sa mga vote center.

Matuto nang higit pa tungkol sa pagboto sa presidensyal na primarya sa Ika-5 ng Marso sa sdvote.com o tumawag sa (858) 565-5800 o toll free sa (800) 696-0136.

###